



**Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa ng Lungsod at County ng San Francisco  
Permanenteng Pansuportang Pabahay ng Pamilya**  
(ilalakip sa kontrata sa pagpapaupa)

Ang addendum na ito ay nagtatakda ng mga partikular na kinakailangan na nalalapat sa mga yunit ng Permanenteng Pansuportang Pabahay (Permanent Supportive Housing, PSH) na sinusupportahan ng Lungsod at County ng San Francisco (ang “Lungsod”) sa pamamagitan ng Pangkalahatang Pondo, ng Programang Lokal na Subsidiyang Pang-operasyon (Local Operating Subsidy Program, LOSP), o iba pang mapagkukunan ng pagpopondo ng Lungsod, at tinukoy sa pamamagitan ng Sistema ng Pagtugon sa Kawalan ng Tirahan (Homelessness Response System). Ang nangungupahan ay sumasang-ayon sa mga karagdagang tuntuning ito bilang kondisyon ng paglahok sa PSH, at bilang kondisyon ng pagiging kuwalipikado ng nangungupahan na makatanggap ng subsidiya sa pabahay, kung saan ang nangungupahan ay nagbabayad ng pinababang upa para sa yunit. Ang subsidiya sa pabahay ay maaaring tapusin dahil sa hindi pagsunod o kung hindi na natutugunan ng sambahayan ang pamantayan sa pagiging kuwalipikado para sa subsidiya. Kung ang subsidy ay tinapos, ang nangungupahan ang mananagot para sa walang subsidiyang upa para sa yunit. Kung hindi kaya o ayaw bayaran ng nangungupahan ang buong halaga ng walang subsidiyang upa, ito ay maaaring humantong sa paglilitis sa labag sa batas na detainer at pagpapaalis. Ang subsidiya ay nakabatay sa proyekto at hindi maaaring ilipat sa ibang mga ari-arian o sa ibang mga nangungupahan na wala sa kontrata sa pagpapaupa.

---

**(Mga) Pangalan ng lahat ng mga Miyembro ng Sambahayan:**

---

---

---

**(Mga) Pangalan ng sinumang mga Miyembro ng Sambahayan na hindi nakakatugon sa Kahulugan ng HSH para sa Walang Tirahan, kung naaangkop:**

---

---

**Pangalan at Address ng Site:** \_\_\_\_\_

**Yunit #:** \_\_\_\_\_



## Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa ng Lungsod at County ng San Francisco Permanenteng Pansuportang Pabahay ng Pamilya (ilalalok sa kontrata sa pagpapaupa)

**PAGIGING KUWALIPIKADO:** Ang mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado na nauugnay sa yunit na ito ay:

### Kasaysayan ng Walang Tirahan:

- Nakakatugon sa [Kahulugan ng HSH para sa Pamilyang Walang Tirahan](#)
- Nakakatugon sa mga karagdagang kinakailangan sa pagiging kuwalipikado para sa site, kung naaangkop

Inisyal ng (mga) Nangungupahan: \_\_\_\_\_

### Kita:

- Ang kabuuang kita ng sambahayan ay hindi maaaring lumampas sa \_\_\_\_\_% ng kasalukuyang Gitnang Kita ng Lugar (Area Median Income, AMI) sa oras ng paglagda ng kontrata sa pagpapaupa na ito batay sa pagsasaayos ng sambahayan na nakasaad sa ibaba.

Inisyal ng (mga) Nangungupahan: \_\_\_\_\_

### Pagsasaayos ng Sambahayan:

- Ang yunit na inaalok kasama ng kontrata sa pagpapaupa ay mayroong:
  - Pinakamababang occupancy na \_\_\_\_\_ tao.
  - Pinakamataas na occupancy na \_\_\_\_\_ tao.
    - Alinsunod sa Seksyon 503b ng [Kodigo sa Pabahay ng San Francisco](#), ang mga batang wala pang anim (6) na taong gulang ay hindi maaaring isama sa bilang ng pinakamalaking laki ng sambahayan.
- Ang kontrata sa pagpapaupa na ito ay inaalok batay sa occupancy na \_\_\_\_\_ tao.
- Para maging kuwalipikado, ang pagsasaayos ng sambahayan ay kailangang may kasamang hindi bababa sa isang umaasa na menor de edad na bata na wala pang 18 taong gulang sa panahon ng referral at paglagda sa kontrata sa pagpapaupa na naninirahan sa pangangalaga ng magulang/tagapag-alaga nang hindi bababa sa 50% ng panahon. Kapag ang isang menor de edad ay umabot na sa 18 taong gulang at patuloy na naninirahan sa sambahayan/yunit, ang pamilya ay patuloy na magiging kuwalipikado para sa subsidiya ng Lungsod hangga't lahat ng iba pang pamantayan ay natutugunan.

Inisyal ng (mga) Nangungupahan: \_\_\_\_\_

### UPA:

- Kung naaangkop, isama ang Utility Allowance sa pagkalkula ng Kabuuang Upa na babayaran. Ang Buwanang Kabuuang Upa ay kakalkulahin na hindi lalagpas sa 30% ng ibinagay na buwanang kabuuang kita ng sambahayan, kung saan ang pinakamataas na upa ay alinman sa sumusunod:



## **Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa ng Lungsod at County ng San Francisco Permanenteng Pansuportang Pabahay ng Pamilya** (ilalaking sa kontrata sa pagpapaupa)

- Ang kasalukuyang pinagbabatayan na pinaghihigpitang upa para sa yunit, o  
 Ang kasalukuyang pinakamataas na upa para sa yunit ayon sa Programang  
Inclusionary BMR ng MOHCD para sa 50% AMI.

- Kung ang nangungupahan ay walang dokumentado at regular na kita, kailangan ng pinakamababang \$\_\_\_\_\_.00 bawat buwan na upa.  
 Naaangkop  Hindi naaangkop  Na-waive
- Sa panahon ng paglagda ng kontrata sa pagpapaupa at ang addendum na ito para sa yunit na ito, ang buong pinagbabatayan na pinaghihigpitang upa o walang subsidiyang upa para sa yunit na ito ay \$\_\_\_\_\_ bawat buwan. Ang halagang ito ay nagbabago sa paglipas ng panahon.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

### **MGA KINAKAILANGAN PARA MAPANATILI ANG KUSTODIYA NG MGA MENOR DE EDAD SA MGA YUNIT NG PAMILYA:**

1. Nauunawaan at sinasang-ayunan Ko/Namin sa paglagda sa Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa, sertipikasyon, o muling sertipikasyon na Ako/Kami ay magpapanatili ng hindi bababa sa 50 porsiyentong kustodiya ng bata at sa paninirahan ng bata sa may subsidiyang yunit, ayon sa kinakailangan ng patakaran ng HSH.
2. Ako/Kami ay mag-uulat sa Tagapagbigay ng Pabahay ng anumang mga pagbabago sa pangangalaga o paninirahan ng aming (mga) anak. Ang abiso ay kailangang ibigay sa loob ng isang linggo pagkatapos malaman ang anumang mga pagbabago sa kustodiya o paninirahan. Kasama sa mga nasabing pagbabago ang, ngunit hindi limitado sa, pagbabago dahil sa diborsiyo, mga aksyon ng Mga Serbisyo ng Pamilya at Mga Bata (Family and Children's Services, FCS), matagal na bakasyon o pagbisita sa mga kamag-anak, at inaasahang pagkawala ng (mga) anak nang mas mahaba sa dalawang linggo. Ang pagkabigong magbigay ng wastong abiso sa mga pagbabagong ito ay maaaring magresulta sa pagtatapos ng subsidiya sa pabahay.
3. Ang Tagapagbigay ng Pabahay ay maaaring humiling na ako/kami ay magbigay ng patunay ng paninirahan ng (mga) bata kung sakaling hindi makumpirma ng kawani ng Tagapagbigay ng Pabahay ang presensya ng (mga) bata sa yunit nang hindi bababa sa dalawang linggo at ako/kami ay hindi nagbigay ng paliwanag para sa pagkawala.
4. Ako/Kami ay makikipagtulungan sa pagbibigay ng sapat na patunay ng paninirahan ng (mga) bata sa Tagapagbigay ng Pabahay sa loob ng isang linggo ng kahilingan para sa kumpirmasyon. Kung walang ganoong patunay na maibigay, ang Tagapagbigay ng Pabahay ay gagawa ng isang pormal na nakasulat na kahilingan para sa kasalukuyang dokumentasyon tungkol sa kustodiya ng (mga) absent na bata.



## **Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa ng Lungsod at County ng San Francisco Permanenteng Pansuportang Pabahay ng Pamilya** (ilalalaki sa kontrata sa pagpapaupa)

5. Ako/Kami ay may isang linggo para tumugon sa isang nakasulat na kahilingan para sa kasalukuyang dokumentasyon tungkol sa kustodiya ng (mga) absent na bata. Maaaring kasama sa pagpapatunay na ito ang, ngunit hindi limitado sa, opisyal na dokumentasyon na Ako/Kami ay may pisikal na kustodiya sa (mga) bata at/o pagpapakita ng (mga) bata sa opisina ng Tagapagbigay ng Pabahay.
6. Kung Ako/Kami ay nawalan ng legal na pangangalaga ng lahat ng menor de edad sa aming sambahayan:
  - a. Ako/Kami ay magbibigay ng awtorisasyon sa pagpapalabas ng impormasyon sa Tagapagbigay ng Pabahay para patunayan ang pag-usad sa pagkumpleto ng mga kinakailangan ng anumang plano para muling pagsamahin at makuha muli ang kustodiya sa (mga) bata.
  - b. Kung Ako/Kami ay mananatiling sumusunod sa Kontrata sa Pagpapaupa sa panahong ito, Ako/Kami ay magkakaroon ng anim na buwang palugit para ipakita ang kasiyahan ng hukuman o mga kinakailangan ng FCS para sa muling pagsasama sa (mga) bata. Ako/Kami ay magbibigay ng dokumentasyon at/o mga update ng pag-usad tungo sa muling pagsasama-sama sa Tagapagbigay ng Pabahay nang hindi bababa sa bawat dalawang linggo. Ako/Kami ay kailangang magbigay ng kinakailangang pahintulot sa pagpapalabas ng mga form ng impormasyon para sa mga naaangkop na partido para magtrabaho sa pag-usad para sa muling pagsasama-sama. Ang anim na buwang palugit ay maaaring pahabain kung ako/kami ay magbigay ng dokumentasyon ng patuloy na pagtatrabaho at pag-usad para matugunan ang mga kinakailangan ng korte o ng FCS.
  - c. Kung Ako/Kami ay nabigo na mabawi ang kustodiya sa (mga) bata pagkatapos ng anim na buwang panahon, ang Tagapagbigay ng Pabahay ay makikipagtulungan sa mga nauugnay na partido kabilang ang, FCS, HSH, at/o mga tauhan ng hukuman para masuri ang sitwasyon at gumawa ng desisyon sa patuloy na pagiging kuwalipikado sa subsidiya.
  - d. Kung tatanggihan ng hukuman ang muling pagsasama-sama o Ako/Kami ay nagpasiya na hindi na aktibong ituloy ang kustodiya sa pamamagitan ng hindi pagsunod sa mga kinakailangan na itinakda ng FCS at/o mga tauhan ng hukuman anumang oras sa loob ng anim na buwang panahon, ang HSH at ang Tagapagbigay ng Pabahay ay tutukoy ng isang pang-nakatatandang yunit ng pabahay na maaari Kong/Naming i-apply at lipatan. Kung pipiliin Ko/Namin na huwag lumipat sa isang yunit ng pabahay para sa nakatatanda o hindi makalipat batay sa hindi kasiya-siyang katayuan sa kasalukuyang pangungupahan, ibibigay ang isang 30 araw na abiso ng huling pagtatapos ng subsidiya sa pabahay. Ang anumang desisyon na tapusin ang subsidiya sa pabahay ay dapat aprubahan ng HSH.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_



## **Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa ng Lungsod at County ng San Francisco Permanenteng Pansuportang Pabahay ng Pamilya** (ilalaking sa kontrata sa pagpapaupa)

**PATULOY NA PAGSUNOD:** Ang pagiging kuwalipikado para sa subsidiya sa pabahay na nauugnay sa yunit na ito ay nangangailangan ng:

- Ang mga kasalukuyang nangungupahan ay kailangang magsumite ng kahilingan sa Tagapagbigay ng Pabahay alinsunod sa mga tuntunin ng kanilang kontrata sa pagpapaupa bago idagdag o alisin ang sinumang nakatatanda o menor de edad sa yunit. Ang Tagapagbigay ng Pabahay ay makikipag-ugnayan sa HSH kapag mayroong anumang mga pagbabago sa pagsasaayos ng sambahayan. Ang (mga) nakatatanda na idaragdag sa kontrata sa pagpapaupa ay kailangang matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado para sa yunit, kasunod ng protokol ng pag-screen at proseso ng pag-apruba ng Tagapagbigay ng Pabahay, at lagdaan ang lahat ng naaangkop na sertipikasyon at mga dokumento sa pag-upa.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

- Ang nangungupahan ay kailangang mag-ulat ng mga pagbabago sa kita ng sambahayan sa Tagapagbigay ng Pabahay sa loob ng panahon sa kasunduan sa kontrata sa pagpapaupa. Aayusin ng Tagapagbigay ng Pabahay ang halaga ng upa ayon sa kasunduan sa kontrata sa pagpapaupa at/o mga kinakailangan sa regulasyon.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

- Kailangang matugunan at mapanatili ng mga sambahayan ang mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado para sa yunit na tinukoy sa seksyong Pagsasaayos ng Sambahayan. Kung hindi na nila natutugunan ang alinman sa mga kinakailangang iyon, bibigyan sila ng pagkakataong mag-aplay at lumipat sa isa pang may subsidiyang yunit ng pabahay kung saan sila ay kuwalipikado.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

- Ang Tagapagbigay ng Pabahay ay muling magpapatunay sa kita ng sambahayan at pagsasaayos sa taunang batayan. Ang Tagapagbigay ng Pabahay ay maaaring humiling ng karagdagang muling pagpapatunay para patunayan ang mga pagbabago sa kita o pagsasaayos ng sambahayan. Ang pagsunod sa mga kahilingan para sa muling pagpapatunay ay isang kinakailangan para sa patuloy na pagtanggap ng subsidiya sa pabahay.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_



## **Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa ng Lungsod at County ng San Francisco Permanenteng Pansuportang Pabahay ng Pamilya** (ilalaking sa kontrata sa pagpapaupa)

- Lulubusin ng nangungupahan ang kita, na maaaring kabilang ang pag-aaplay at pagpapanatili ng lahat ng benepisyo na kuwalipikado para sa nangungupahan.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

- Ang nangungupahan ay kailangang tumira sa yunit at ang yunit ay kailangan na ang tanging lugar ng tirahan ng nangungupahan. Ang nangungupahan ay hindi maaaring magkaroon ng kasunduan sa kontrata sa pagpapaupa para sa higit sa isang may subsidiyang yunit sa anumang partikular na panahon. Kung ang isang nangungupahan ay lilipat mula sa isang may subsidiyang yunit patungo sa isa pa, kailangang talikuran ng nangungupahan ang dating yunit sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng pagsisimula ng kontrata sa pagpapaupa para sa kanilang bagong yunit.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

### **PAGBAWI NG SUBSIIDIYA:**

- Nauunawaan ko/namin na ang subsidiya sa pabahay ay hindi isang programa ng karapatan, sa halip ito ay isang programang nakabatay sa pagiging kuwalipikado at ang mga tuntunin at kundisyon sa itaas ay kailangang matugunan sa oras ng pagkakalagay at sa buong pangungupahan para maging kuwalipikado at manatiling kuwalipikado para sa subsidiya. Ako/Kami ay tumatanggap ng subsidiya batay lamang sa pagtugon at pagpapanatili ng pagiging kuwalipikado at patuloy na pagsunod sa mga kinakailangan ng programa.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

- Kung naabisuhan ng isang potensyal na pagkawala ng subsidiya dahil sa hindi pagiging kuwalipikado o hindi pagsunod, ako/kami ay sumasang-ayon na makipag-ugnayan sa Tagapagbigay ng Pabahay at onsite na kawani ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagtugon sa lahat ng abiso at kahilingan para sa karagdagang impormasyon sa loob ng mga panahon na ibinigay ng Tagapagbigay ng Pabahay.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

- Naiintindihan Ko/Namin na kung ang subsidiya ay tinapos, ako/kami ang mananagot sa pagbabayad ng buong pinagbabatayan na pinaghihigpitang upa o walang subsidiyang upa at ang kabiguang magawa ito ay maaaring humantong sa pagpapaalis.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_



**Addendum ng Kontrata sa Pagpapaupa ng Lungsod at County ng San Francisco**  
**Permanenteng Pansuportang Pabahay ng Pamilya**  
(ilalalaki sa kontrata sa pagpapaupa)

- Kung ang subsidiya sa pabahay ay tinapos para sa hindi pagsunod at Ako/Kami ay hindi makakapagbayad ng buong pinagbabatayan na pinaghihigpitang upa o walang subsidiyang upa, nauunawaan Ko/Namin na ang on-site na kawani ng mga serbisyo ay nariyan para tumulong sa pagkuha ng naaangkop na pabahay. Nauunawaan Ko/Namin na habang walang garantiya ng pagkakalagay sa alternatibong pabahay, ang pakikipagtulungan sa Tagapagbigay ng Pabahay at on-site na kawani ng mga serbisyo ay isang mahusay na paraan para tuklasin ang mga nasabing opsyon.

**Inisyal ng (mga) Nangungupahan:** \_\_\_\_\_

Ang aking/aming lagda sa ibaba ay nagpapahayag ng aking/aming pag-unawa at pagsang-ayon sa mga tuntunin, pagiging kuwalipikado at patuloy na pagsunod sa mga kondisyon ng programa ng tulong sa pabahay. Ang lahat ng mga nakatatanda sa kontrata sa pagpapaupa ng Tagapagbigay ng Pabahay ay kinakailangang lumagda sa addendum na ito.

\_\_\_\_\_  
Pangalan ng Nangungupahan (I-print)

\_\_\_\_\_  
Lagda ng Nangungupahan                      Petsa

\_\_\_\_\_  
Pangalan ng Nangungupahan (I-print)

\_\_\_\_\_  
Lagda ng Nangungupahan                      Petsa

\_\_\_\_\_  
Pangalan ng Tagapangasiwa ng Pag-aaring  
Lupa, Bahay o Gusali (I-print)

\_\_\_\_\_  
Lagda ng Tagapangasiwa ng  
Pag-aaring Lupa, Bahay o Gusali                      Petsa